MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Dessa
# "Lipad Ng Pangarap"

Visit "Lipad Ng Pangarap" on MotoLyrics.com

Taglay mo sa bagwis ng iyong paghayo
Ang pangako ng walang hanggang bukas
Pabaon man sayoy hapdi ng puso
Aabutin na ang pangarap..

At ang bunga ng wagas mong pagsisikap
Pag-unlad nitong bayang nililiyag
Kapalit ng dalamhatiÂ’t paghihirap
Pag-angat ng kabuhayang marilag..

Liparin mo ang hangganan ng langit
Sa ulap ng pag-asaÂ’y iyong makakamit
Ang tagumpay na bunga ng iyong pagpupunyagi
Pangarap ng inang bayang tinatangi.

(Pabaon man sayoy hapdi ng puso
Aabutin ang pangarap)

Tutularan ka ng sunod na salin-lahi
Kapuri-puring pag-aalay ng lakas
Nagpupugay sa makabagong bayani
Ang buong bansaÂ’y nagpapasalamat

Liparin mo ang hangganan ng langit
Sa ulap ng pag-asaÂ’y iyong makakamit
Ang tagumpay na bunga ng iyong pagpupunyagi
Pangarap ng inang bayang tinatangi..

Ingatan mo ang lipad ang pangarap
Umaasa sa iyo ang bayan mong naghihintay
KamÂ’tin mo sa dulo ng lahat ng iyong pagpapagal
Ang tamis na dulot ng iyong tagumpayÂ…

Ang tamis na dulot ng iyongÂ…tagumpay
Ang tamis na dulot ng Iyong tagumpayÂ…

Visit Dessa page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.